

“Imagination is more important than knowledge. Knowledge is limited. Imagination encircles the world.”

Albert Einstein

Ano ang papel ng laro sa paaralan?

Kadalasan tinitingan ng mga matatanda ang laro na walang tiyak na layunin, nguni't sa mga bata, ang laro ay kinakailangan para sa pag-unlad ng kakayahang pisikal, sosyal, pangkarunungan at emosyonal. Dahil dito, ang mga guro sa British Columbia ay hinihikayat na gumamit ng mga gawaing may kasamang laro sa silid-aralan.

Mga halimbawa nito ay:

- laro tungkol sa numero at wika;
- role play;
- interactive social games na nangangailangan ng pag-oobserba at pagrarason;
- libreng sentro ng palaruan; at
- mga laro sa labas.

Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, ang mga bata ay gumagamit ng imahinasyon, natututong sumunod sa utos at natututong magbigayan. Dagdag dito, nabubuo din ang kanilang kakayahang sosyal, emosyonal at pangkarunungan na makatutulong sa kanilang gawaing pang-indibidwal at panggrupo.

Ang mga guro ay sanay sa paghikayat ng mga bata humarap sa panganib, maging malikhain at sumubok ng mga bagong ideya. Bihasa din sila sa pag-oobserba ng mga bata habang naglalaro o gumagawa ng mga gawain. Nagtatago sila ng records ng kanilang obserbasyon at ginagamit nila ito para pagbutihin ang kanilang pagtuturo.



VSB

“Play as Work”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Laro bilang Trabaho



Ang Kahalagahan ng Laro sa Buhay ng mga Bata

Ano ang laro?

Ang laro ay kahit na anong gawain na ginagawa para mag-saya, pang-isa man o panggrupo. Ang laro ay maaring spontaneous (kusang-loob) o organisado.

Spontaneous na Laro

Ang laro ay isang gawain na sinasalihan ng mga bata na may kaunting pangangasiwa ng matatanda. Sa kusang-loob na laro, ang bata ang gumagawa ng mga patakaran at desisyon. Ang anyo ng laro na ito ay maaring katulad ng hockey sa alley, pakikipaglaro sa kaibigan o stuffed animals, o kaya takbuhan sa paligid.

Organized na Laro

Ang organisadong laro ay may pre-set na patakaran na sinusunod ng mga manlalaro. Mas may pangngasiwa ng matatanda ang klase ng larong ito. Ang mga halimbawa nito ay soccer o hockey league, grupo ng drama, dance club, o chess club.

Aling laro ang mas mabuti?

Ang balanse ng dalawang laro ang pinakamahusay. Maraming tao ngayon ang nag-iisip na ang mga bata ay hindi sapat na bahagi ng unstructured, o spontaneous na laro. Sa halip, sila ay hinihikayat na sumali sa mga structured na programa o panonood ng TV at maglaro ng computer games.

Mahalaga ba ang laro?

Ang laro ay mahalaga at binibigyan ng tuon ng United Nations High Commission bilang pangunahing karapatan ng bawat bata. Dagdag dito, ang pananaliksik ay nagpapakita na ang laro ay mahalaga sa sosyal, pisikal, pangkarunungan, at emosyonal na pag-unlad ng mga bata. Ang mga sumusunod ay ang kasanayan na natututunan ng mga bata sa laro.

Nasasanay ang mga bata sa pag-unlad ng kanilang wika sa pamamagitan ng:

- paglalaro ng word games;
- role playing kasama ng mga kaibigan;
- pagkanta o pagbigkas ng rhymes; at

- pagbigkas ng mga patakaran at ang pasalita na pakikipag-ugnayan sa mga teammates.

Sa paglalaro, ang mga bata ay nasasanay sa pag-unlad ng kanilang pag-iisip sa pamamagitan ng:

- pagawa ng patakaran ng laro;
- paggawa ng ini-imagine na mundo;
- sama-samang paggawa ng puzzle;
- paggawa ng blocks;
- pag-eksperimento sa mga bagong materyales; at
- paggawa ng mga pahulaan.

Sa paglalaro ang kasanayang-sosyal ng mga bata ay napapa-unlad sa pamamagitan ng:

- pakikibahagi at salit-salitan;
- pagkaroon ng iba't-ibang papel na ginagampanan; at
- gumawa na may mga kasama.

Sa paglalaro ang mga bata ay nasasanay sa paglutas ng problema sa pamamagitan ng:

- pakikipag-ayos sa mga kaibigan; at
- paghamon sa sarili at magpa-hamon para matuto ng panibagong kasanayan.

Sa paglalaro ang mga bata ay natututo ng muscle coordination sa pamamagitan ng:

- pagtakbo, pag-akyat, pagtapon, pagsalo, at pagtalon; at
- paggawa, pag-drawing, pagputol at pag dikit.

Sa paglalaro, napapa-unlad din ang pagpapahalaga sa sarili sa pamamagitan ng:

- paglagay ng plano sa aksiyon para magkaroon ng kumpiyansa sa kanilang mga abilidad; at
- pagsubok ng mga bagong ideya na hindi pinang-hihimasukan ng mga matatanda.